State of California
Health and Human Services Agency

Department of Health Care Services

Para sa Paggamit ng County Lang:
Petsa ng Abiso: ___________________________
Numero ng Kaso: __________________________
Pangalan ng Manggagawa: _________________
Numero ng ID ng Manggagawa: _____________
Numero ng Telepono
ng Manggagawa: __________________________
Oras na Bukas ang Tanggapan: _____________
Address ng Tanggapan: ____________________

**Abiso ng Pagtatalaga ng Awtorisadong Kinatawan**

Ang abisong ito ay para sa mga aplikante, benepisyaryo at mga kamakailang itinalagang awtorisadong kinatawan. Ang abisong ito ay para kay

Natanggap mo ang abisong ito dahil:
- Nagtalaga ka ng awtorisadong kinatawan para sa Medi-Cal, **o**
- Natalaga ka bilang awtorisadong kinatawan para sa Medi-Cal.

**Ang tungkulin ng awtorisadong kinatawan**
Nagtatalaga ang isang aplikante o benepisyaryo ng indibidwal o organisasyon bilang awtorisadong kinatawan para tumulong sa lahat o ilan sa mga tungkulin na nauugnay sa kanilang pagiging kwalipikado at pagpapalista sa Medi-Cal. Sila rin ay nakakapili kung maaaring ipadala sa awtorisadong kinatawan ang mga kopya ng abiso at iba pang sulat. Tutulong sa mga tungkulin ang awtorisadong kinatawan hanggang sa:
- Kanselasyon ng aplikante man o benepisyaryo, o ng awtorisadong kinatawan; o
- 90 araw pagkatapos ng pagtanggi o di pagtuloy (maliban na lang kung kinansela ng alinmang partido).

**Para sa aplikante o benepisyaryo**
Kasama ng abisong ito ang isang form ng “Pagtatalaga ng Awtorisadong Kinatawan” (MC 382). Inililista ng form ang mga tungkulin na itinalaga mo sa iyong awtorisadong kinatawan. Ang Part C ng form na ito ay naglilista ng mga kopya ng abiso at iba pang sulat na hiniling mo sa aming ipadala sa iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon man.

Nasa itaas ng sulat na ito ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa county. Makipag-ugnay sa amin kung nais mong:
- Baguhin ang mga tungkulin ng iyong awtorisadong kinatawan.
- Baguhin ang mga abiso o iba pang sulat na ipinapadala sa awtorisadong kinatawan
- Kanselahin ang pagkakatalaga ng iyong awtorisadong kinatawan.

**Para sa awtorisadong kinatawan**
Sa pagtanggap ng pagkakatalaga bilang isang awtorisadong kinatawan, sumasang-ayong kang:

- Sundin ang lahat ng batas ng estado at pederal para sa mga awtorisadong kinatawan. Kabilang sa mga ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga batas tungkol sa pagiging kumpidensyal ng impormasyon, mga pagbabawal sa pag-reassign ng mga claim sa tagapagkaloob at mga pagsasalungat ng interes.
- Kung ikaw ay isang empleyado o contractor para sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, dapat mong bigyan ang aplikante o benepisyaryo ng isang nakasulat na pagsisiwalat bago ka kumilos sa ngalan nila. Dapat isalarawan sa pagsisiwalat ang:
  - Iyong pagkaka-empleyo o kontrata sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o pasilidad.
  - Anumang potensyal na mga pagsasalungat ng interes.
- Maaari mong kanselahin ang iyong katayuan bilang isang awtorisadong kinatawan anumang oras sa pamamagitan ng pagsabi sa tanggapan ng county.

Mga Organisasyon Lang: Ang bawat isang tao na kumikilos para sa organisasyon ay dapat mag-file ng nilagdaang form na Karaniwang Kasunduan para sa Awtorisadong Kinatawan (MC 383) sa tanggapan ng county. Para makakuha ng kopya ng form na ito, makipag-ugnay sa tanggapan ng county.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan at responsibilidad ng Medi-Cal, basahin ang MC 219 “Mahalagang Impormasyon para sa Mga Taong Humihiling ng Medi-Cal” na kasama ng abisong ito.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga responsibilidad sa abisong ito o hindi mo nais na maging isang awtorisadong kinatawan, makipag-ugnay sa tanggapan ng county.